Application sa Pagsalin ng Pananalita sa Maraming Wika

# VoiceTra

**LIBRENG PAG-DOWNLOAD**

## Isinasalin ang pananalita sa iba't-ibang wika!
## Sinusuportahan ang 31 wika!




# Makipag-usap sa mundo gamit ang "VoiceTra"!

Ang VoiceTra ay isang app sa pagsalin ng pananalita na madaling gamitin at nagsasalin ng iyong sinasabi sa iba't-ibang wika. Madali mong masusuri kung ang iyong input ay naihahayag ayon sa gustong kahulugan.

Gumagamit ang application na ito ng speech recognition, machine translation, at mga teknolohiya ng speech synthesis na binuo sa pamamagitan ng National Institute of Information and Communications Technology (NICT).

Download on the App Store | KUNIN ITO SA Google Play

http://voicetra.nict.go.jp/en/


- Ang logo ng Google Play, Google Play, at Android ay mga trademark o mga nakarehistrong trademark ng Google Inc.
- Ang Apple, logo ng Apple, iPad, iPhone, at iPod Touch ay mga trademark ng Apple Inc. na nakarehistro sa U.S. at iba pang bansa. Gamit ang trademark ng iPhone batay sa lisensya mula sa Aiphone Co., Ltd. Ang App Store ay service mark ng Apple Inc.
- Ang VoiceTra ay nakarehistrong trademark ng NICT.
- Ang iba pang mga pangalan ng produkto, atbp ay mga trademark o nakarehistrong trademark ng mga kaukulang kumpanya.

20161206

# VoiceTra

## Magsalita sa "VoiceTra" at isasalin nito ang iyong pananalita sa ibang wika. I-download at gamitin nang libre.

*Ang data communication sa pamamagitan ng Internet ay kinakailangan upang magamit ang app at ang mga gumagamit ang may obligasyon sa mga bayaring natamo.


## User-friendly

Payak at madaling gamitin.
Tutulungan ka ng mga help message sa paggamit ng app.




## Suriin ang mga resulta ng pagsasalin

Ang mga resulta ng pagsasalin ay isinasalin pabalik sa iyong sariling wika. Nagbibigay-daan sa iyo ang tampok na ito upang kumpirmahin kung ang mga resulta ay inihahatid ayon sa gustong kahulugan.




## Mga suportadong wika (31 wika)

**Nagsasalin ang VoiceTra sa 31 wika*.**

*Kabilang ang mga diyalekto ng Chinese at Portuguese.

Input ng pananalita (20 wika* ang suportado) | Output ng pananalita (16 na wika* ang suportado) | **Minarkahan ng ★ ang mga trial version.

| Input | Output | Wika |
|---|---|---|
| ✓ | ✓ | Hapones |
| ✓ | ✓ | Ingles |
| ✓ | ✓ | Mandarin |
| ✓ | ✓ | Koreano |
| ✓ | ✓ | Thai |
| ★ |  | Pranses |
| ✓ | ✓ | Indonesian |
| ✓ | ✓ | Vietnamese |
|  |  | Espanyol |
| ✓ | ✓ | Myanmar |
|  |  | Arabic |
|  |  | Italyano |
|  |  | Urdu |
| ★ |  | Olandes |
|  |  | Khmer |
|  |  | Sinhala |
|  |  | Taiwanese Mandarin |
|  |  | Danish |
| ✓ |  | Aleman |
| ★ | ★ | Turkish |
| ✓ |  | Nepali |
| ★ | ★ | Hungarian |
| ★ | ★ | Hindi |
|  |  | Filipino |
| ✓ | ★ | Polish |
| ★ | ★ | Portuguese |
| ✓ | ✓ | Brazilian Portuguese |
| ★ | ★ | Malay |
|  | ★ | Mongolian |
|  |  | Lao |
| ✓ |  | Ruso |

### ★Ano ang mga trial version?

Ang mga trial version ay binuo at pinangasiwaan ng mga kasosyo sa pananaliksik ng NICT sa labas ng bansang Japan. Ang mga ito ay pinatatakbo para sa layunin ng mga demonstrasyong eksperimento at samakatuwid, depende sa kapaligiran ng komunikasyon, maaaring mangailangan ng karagdagang oras para maproseso ang pagsasalin o maaaring ang serbisyo mismo ay masuspinde sa mahabang panahon dahil sa mga pagpapanatili sa server.

## Mahalagang Paunawa

◎ Ang pagpapadala ng data sa pamamagitan ng Internet ay kinakailangan upang gamitin ang VoiceTra at ang mga gumagamit ay may pananagutan para sa mga bayarin na natamo. Ang VoiceTra ay maaaring gamitin sa parehong wired o wireless na network. Pakitandaan na ang mga bayarin sa telekomunikasyon ay maaaring maging mahal kapag naka-roaming sa labas ng Japan.

◎ Ang lahat ng data kabilang ang input na pananalita, text, mga resulta ng kanilang pagsasalin, impormasyon ng terminal (kabilang ang natatanging ID), kasaysayan ng komunikasyon, kasaysayan ng mga operasyon ng application, at impormasyon sa lokasyon ng user na nakolekta sa pamamagitan ng VoiceTra (tinutukoy dito bilang "User Data") ay itatala sa mga VoiceTra server na pinamamahalaan ng NICT. Upang maproseso ang speech recognition at synthesis para sa mga trial version, ang data ng input na pananalita at mga teksto ng mga resulta ng pagsasalin ay ipinadadala sa ibang bansa sa namamahalang organisasyon. Gumagamit ang NICT ng User Data para sa paggawa ng mga pagpapahusay sa mga teknolohiya ng pagsasalita at pagsasalin. **Ang User Data ay magagamit sa iba't-ibang paraan; sa gayon, ang Mga Gumagamit ang may obligasyon sa pag-iwas sa paglagay ng anumang impormasyong may personal na pagkakakilanlan, pribadong impormasyon, lihim na impormasyong pangnegosyo, o anumang impormasyon na dapat ay pinananatiling lihim mula sa mga third party sa VoiceTra.**

◎ Itinakda man nang hayagan o hindi sa mga tuntunin at kondisyon ng paggamit ng VoiceTra, hindi mananagot ang NICT sa anumang pinsala na natamo ng mga gumagamit bilang resulta ng paggamit ng VoiceTra. Hindi ginagarantiya ng NICT na ang paggamit ng VoiceTra ay hindi lumalabag sa batas sa lahat ng bansa o rehiyon ng mundo (kabilang ang bansang Japan).

◎ Maaaring suspindehin ang serbisyo nang walang paunang abiso dahil sa pagpapanatili, atbp.

◎ Ginawang magagamit ng publiko ang "VoiceTra", lalo na sa pagsasagawa ng mga demonstrasyong eksperimento (hal. pagtatasa ng paggana/pagpapahusay, survey sa silbi, beripikasyon ng modelo ng negosyo). Samakatuwid, ang panahon ng serbisyo ay walang takda at maaaring wakasan nang walang paunang abiso.

◎ Hindi dinisenyo ang VoiceTra para sa mga komersyal na layunin, atbp. na hindi saklaw ng personal na paggamit. Ang mga gumagamit na nais na gamitin ang teknolohiya para sa mga komersyal na layunin, atbp. ay hinihiling na makipag-ugnayan sa NICT.

## Paano I-download

Hanapin ang "VoiceTra" sa App Store o Google Play.
Upang i-download at i-install ang VoiceTra, kinakailangan ang isang Apple ID sa App Store, o kinakailangan ang isang Google account sa Google Play.

## Mga Suportadong Modelo

(as of September 2016)

**Android** OS : 4.1 o mas bago
**iOS** OS : iOS 7.0 o mas bago
Mga modelo : iPhone 4 o mas bago
iPad 2 o mas bago
iPod touch (5G) o mas bago

## Makipag-ugnayan


Koponan ng Suporta ng VoiceTra
voicetra-support@khn.nict.go.jp
3-5 Hikaridai, Seika-cho, Soraku-gun, Kyoto, 619-0289, Japan
National Institute of Information and Communications Technology
Advanced Speech Translation R&D Promotion Center


NICT ASTREC